

# GABAY SA BUHAY SA OTA CITY

2024



 大田区  
Published by Ota City

大田区くらしのガイド外国語版

## Tagalog



## Greetings from Ota City Mayor

Maligayang pagdating sa Ota City! Malugod namin kayong tinatanggap. Ang Ota City ay isang lungsod na may iba't ibang atraksyon tulad ng mga maliliit na pabrikang nagtataglay ng mataas na kakayahan sa teknolohiya, masiglang shopping streets, matiwasay na mga pamahayang lugar at mga luntiang lugar na napapalibutan ng kalikasan. Matatagpuan din dito ang Haneda Airport na air gateway ng Japan, kung kaya't maraming dayuhang turista ang dumadayo at patuloy ring dumadami ang mga dayuhang residente sa lungsod na ito.

Sa Ota City, itinatag ang "Ota International Exchange Center (Minto Ota)" malapit sa Keikyu Kamata Station bilang isang pasilidad na nagtataguyod ng international exchange at multi-cultural coexistence. Bukod sa serbisyo ng konsultasyon sa iba't ibang wika, ang Minto Ota ay nagsasagawa ng Japanese language class at iba't ibang mga kaganapan, eksibisyon at iba pang katulad nito kaugnay ng pagtataguyod ng international exchange at multicultural coexistence.

Patuloy naming susuportahan ang pamumuhay ng mga residente at ang sigla ng bayan, at patuloy na pangangasiwan ang lungsod upang ang lahat ay magkaroon ng kasiya-siyang pamumuhay nang may panatag na kalooban.

Ang librong ito ay naglalaman ng mga impormasyon na kapaki-pakinabang para sa pamumuhay ng mga residente. Taos-puso kaming umaasa na magamit ninyo ito sa iba't ibang sitwasyon sa inyong pang-araw-araw na pamumuhay.

Marso 2024

Mayor ng Ota City: Akimasa Suzuki

## Ota International Exchange Center "Minto Ota"

Tingnan ang P.8  
para sa mga detalye.

**Lokasyon** 2F, 4-16-8 Kamata, 144-0052

**Telepono/FAX** ☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

**Access** 2 minutong lakad mula sa Keihin Express Line "Keikyu Kamata Station," 8 minutong lakad mula sa JR Keihin-Tohoku Line "Kamata Station"

